

FOREIGNERS' EARTHQUAKE INFORMATION CENTER

Newsletter No. 3 1995.2.24

Issued by

Foreigners' Earthquake Information Center

3rd Floor Tokiwa Central Building 1-4-12,

Tokiwa-cho, Chuo-ku, Osaka

TEL: 06-941-4793 FAX: 06-941-5875

Ano ang

"Foreigners' Earthquake
Information Center" ?

Ang Foreigners' Earthquake Information Center ay itinatag pagkatapos ng lindol sa timog ng Hyogo upang magbigay ng impormasyon at pang-konsultasyong serbisyo sa mga dayuhang napinsala ng lindol sa kani-kanilang sariling wika. Sentral sa pagtatag nito ay 4 na organisasyong tumatalakay sa mga problema ng mga dayuhan — ang Asian Friend, RINK, Walavola at APT. Nagtatag ng *hotline* sa Ingles, Aleman, Thai, Intsik, Kastila, Tagalog at iba pang wika sa center na ito, at tumatanggap dito ng konsultasyon nang walang pakialam sa inyong visa o residence status.

Wala ba kayong problema? Kung mayroon, tumawag kayo sa 06-941-4793.

Halimbawa...

Nawasak ang pinagtatrabahuhan ko, hindi ko pa natatanggap ang suweldo ko...

Baka puwede kayong tumanggap ng kompensasyon mula sa pamahalaan.

Makipag-usap kayo sa amin.

Nawala ang pera at bahay ko dahil sa lindol. Ano kaya ang dapat kong gawin?

May iba't-ibang sistema ukol sa tulong pinansyal. Ipaaalam namin sa inyo kung may sistemang magagamit sa kaso ninyo.

Nag-aaply ako ng visa bago lumindol, pero pati ang pasaporte ko, nawala.

Ituturo namin ang kasalukuyang palakad sa Immigration Office sa kaso ninyo.

Tumawag po kayo sa Information Center kung may problema kayo tungkol sa
transportasyon, pagkain, trabaho at iba pa.

- ★ Ang hotline sa Ingles at Hapon ay araw-araw maliban sa Huwebes. Ang hotline sa Tagalog ay tuwing Lunes at Miyerkules, 2:00~8:00 p.m.
- ★ Maraming kumakalat na tsismis. Mag-ingat po tayo sa di-totoong balita.
- ★ Para sa wastong impormasyon, tumawag po kayo sa Information Center.

MGA BALITA MULA SA CENTER

○ Tulong sa Pangaraw-araw na Panggastos para sa mga Dayuhang Estudyante

Ang Kobe Student Youth Center (Kobe Gakusei Seinen Senta: 3-1 Yamada-cho, Nada-ku, Kobe-shi) ay nagbibigay ng ¥30,000 bilang "living expenses" sa mga dayuhang estudyante (ryugakusei at shugakusei). Dalhin lang ang katibayan ng pagkapinsala (risaishoumeisho) at student ID. Bukas ang tanggapan nang 9:00~18:00. Para sa mga tanong, ang telepono ay 078-851-2760.

○ Relief Money

Ang Red Cross ng Japan ay nagpasyang magbigay ng relief money sa mga biktima ng lindol maging anumang nasyonalidad, bisa at/o residence status. Bibigyan ng ¥100,000 ang bumagsak ang buong bahay, nasira ang bahay at pamilya ng namatay dahil sa lindol.

Sa ngayon pinag-aaralan pa ang pagbigay ng *continuing allowance*. Ang kinakailangang papeles ay anumang bagay na maaaring maging patunay na nakatira kayo sa bahay na napinsala ng lindol (resibo ng public utility charges gaya ng kuryente at tubig o kaya'y koreo gaya ng sulat at postcard). Ang tanggapan ay ang city hall at ward office. Magtanong lang kayo sa Center kung kailangan ninyo ng *translation* o kung hindi ninyo maintindihan ang paglakad ng papeles.

○ Muling Pagbukas ng Kobe Branch ng Osaka Immigration Office

Ang Kobe branch ng Osaka Immigration Office (Kaigan-dori, Chuo-ku, Kobe-shi) ay nagbukas muli noong 2/13 at nag-umpisa na ng *normal operations*. Ang tanggapan ay bukas mula 10:00 hanggang 3:30 ng hapon. ☎ 078-393-5452/5453

○ Konsultasyong Medikal

Volunteers ng Departamento ng Medisina ng Kobe University : Nagbibigay ng libre at simpleng medical treatment at examination. Ipaaalam din sa inyo kung saang ospital kayo puwedeng pumunta. Nasa Yukinogoshō Park sa Hyogo-ku. Tumatanggap ng simpleng konsultasyon sa Ingles at Intsik. Ang oras para sa medical examination ay mula 10:00 hanggang 17:00 araw-araw hanggang 3/10. Pagkatapos ng 3/10 ay hindi pa alam kung magpapatuloy at kung saan. Makipag-alam sa representative na si Fujiwara sa bilang 030-846-1046 FAX 030-163-3175.

AMDA International Medical Treatment Information Center Kansai : Tumatanggap ng konsultasyon sa Ingles, Intsik, Kastila, Portuges, Hindi, Thai at Nepalese. Para sa mga tanong, tumawag sa ☎ 06-636-2333 at ang FAX ay 06-636-2340.

○ **Bawas/Exemption sa Pagbayad ng Buwis**

Hinggil sa pagbayad ng *income tax* para sa 1994 ng mga napinsala ng lindol, may mga *preferential measures* o panadyang pamamaraan gaya ng *tax exemption* at pagpatagal ng pag-deklara ng *income tax*. Sa mga nagbayad na ng buwis, may posibilidad ding isauli sa inyo ang binayad ninyo. Ang tanggapan ay tax office ng iba't-ibang lugar.

Hinggil sa Trabaho

○ **Unemployment Insurance**

Para sa mga taong pansamantalang hindi nagtatrabaho dahil ang opisina'y tumigil ng operasyon dahil sa pinsala ng lindol, nagbibigay ng unemployment allowance. Ang tanggapan ay ang Employment Security Office o Hello Work.

- ① Yodogawa Shokuan TEL 06-885-2810
(malapit sa Juso) 13:00 ~ 17:00 3/13.22 Ingles OK
- ② Sakai Shokuan TEL 0722-22-5049
(Nankai Honsen) 13:00 ~ 17:00 3/8.27 Ingles OK
- ③ Kobe Shokuan Foreigners' Employment Service Corner
TEL 078-393-1071 (2 beses sa 1 linggo Ingles OK)

○ **Iba pa**

Tutulungan namin kayo sa paglutas ng problema ukol sa aksidente sa trabaho at/o hindi pagbayad ng suweldo ninyo. Bibigyan namin kayo ng impormasyon at payo.

Asian Friend Ingles 7:00- 9:00, Lunes at Biyernes

APT Tagalog 15:00-18:00, Lunes at Huwebes TEL 075-451-6522